

# Ikaapat na Baitang
# ANG TEKSTURA




## ALAMIN MO


*Sa pagtatapos mo ng modyul na ito, inaasahang makikilala mo ang mga teksturang nahihipo (tactile) at teksturang biswal, nasasabi ang kaibahan, at nailalarawan ang katangian ng mga ito.*



## PAG-ARALAN MO

A. Alalahanin ang mga di-nalilimutan mong karanasan. Iugnay ito sa mga salitang makikita sa nakalarawan.









Isulat mo ngayon ang iyong kwento sa iyong kwaderno.

Pangkatin mo ngayon sa dalawa ang mga nabasa mo sa larawan ayon sa iyong karanasan.

Halimbawa sa karanasan ko, ito ang aking pagkakapangkat.





Nahawakan o nadama ko ang buhangin at balat ng punongkahoy. Naramdaman ko ang tekstura nito. Pino ang buhangin nang naapakan ko sa dalampasigan ng Bagasbas. Magaspang at malalaki ang bitak ng balat ng punong akasya at narra sa tagiliran ng bahay ni Lolo. Ito ang teksturang nahihipo.

Sa biyahe pauwi ng bahay, naaliw ako sa aking natanaw na ibang kalaw. Malayo ito sa akin pero alam kong malambot at makinis ang balahibo nito katulad sa mga nakikita ko sa *zoo*.

Ang mga gusali naman sa larawan ay nagsasabing matigas at magaspang ang karamihan. Ito naman ang teksturang biswal.

Sa karanasan mo, alin sa mga salita ang isasama mo sa bawat pangkat? Bakit?




**TANDAAN MO**

Tekstura ang pang-ibabaw na katangian ng lahta ng bagay, likas o di-likas.

Teksturang nahihipo ang sensasyong nadarama ng ating balat habang hipo natin ang isang bagay. Ito ang kakinisan o kagaspangan, ang katigasan o kalambutan ng bagay na ating hinihipo.

Teksturang biswal ang ipinahihiwatig ng tekstura sa mga larawan at mga bagay na nakikita o nasa isip ngunit hindi nahihipo.







## GAWIN MO


Maghanap ng mga bagay sa iyong paligid na nagtataglay ng teksturang napag-aralan. Gumawa ng sariling komposisyon na sinusunod ang panuntunan sa paggawa ng likhang sining na collage.



## PAGSANAYAN MO

Lagyan ng tsek (✓) ang mga may teksturang nahihipo at ekis (X) ang mga may teksturang biswal.


1. pisi ng raketa na hawak mo
2. balat ng santol na kinakain mo
3. mantel ng lamesa na pinupunasan ng bata
4. plorera at bulaklak na nakalimbag sa aklat
5. malapad ang likod ng kabinet ni Ma’am sa school
6. sumasayaw ang mga bulaklak sa litrato
7. kulang ng isa ang kuwaderno ni Hanna
8. ginagamit na brotsa sa pagpipinta



## SUBUKIN MO

Sagutin ang mga sumusunod.

1. Ibigay ang pagkakaiba ng teksturang biswal at teksturang nahihipo (tactile)
2. Ilarawan ang mga katangian ng mga ito.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.